# Probisyon

WEEK 1

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong kainan o naging karanasan sa isang *buffet?* Ano ang pipiliin mong kainin dito kung maaari mong kainin ang anumang gusto mo?
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na ang natanggap o naranasan mo ay higit pa sa sapat.
- Mayroon ka bang nakitang bagay na labis mong ikinagulat dahil sa laki o dami ng bilang nito?

## WORD

1 *Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang ng anuman.* 2 *Tulad ng tupa, pinagpapahinga niya ako sa masaganang damuhan, patungo sa tahimik na batisan ako'y kanyang inaakay.* **MGA SALMO 23:1,2**

Sinimulan ni David ang kilalang salmo na ito sa pamamagitan ng pag-awit tungkol sa Diyos bilang kanyang Pastol. Ang pastol ang nag-aalaga, umaakay, at gumagabay sa grupo ng mga tupa. Noong panahon ng mga Israelita, ang larawang ito ay mas makabuluhan dahil marami sa kanila ang pastol at alam nila kung paano pangalagaan ang mga tupa. Sinabi ni David na dahil ang Panginoon ang kanyang Pastol, hindi siya *magkukulang ng anuman*. Siya ay kuntento dahil alam niya kung sino ang kanyang Pastol. Maaari rin itong maging totoo para sa atin, kung makikita natin ang ating buhay sa pananaw ng Diyos, at itutuon natin ang ating pansin sa Kanya. Tignan natin kung paano natin magagawang maging kuntento sa Diyos na ating Pastol.

## 1 Maaari akong maging kontento dahil alam ko kung sino ang Diyos sa buhay ko.

*Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang ng anuman.* **MGA SALMO 23:1**

(Basahin din ang **JUAN 10:11,12.**)

Kinilala ni David ang Diyos bilang kanyang Pastol, at naging kuntento siya dahil naintindihan niya kung paano inaalagaan ng isang pastol ang kanyang tupa, kahit pa malagay sa panganib ang kanyang buhay. Sinabi ni Jesus na Siya ang Mabuting Pastol at kung paano Siya naiiba sa isang bayarang pastol ng mga tupa (Juan 10:11,12). Maaaring iwanan na lamang ng isang bayarang pastol ang mga tupa sa oras ng panganib, ngunit ang Mabuting Pastol ay mangangalaga sa kanila at handang maglaan ng Kanyang buhay upang pangalagaan sila. Kapag naranasan natin ang pagiging Mabuting Pastol ng Diyos, magagawa nating mamuhay nang walang kakulangan. Kahit na hindi natin makamit ang lahat ng inaalok ng mundo, maaari tayong maging kuntento. Paano natin magagawang ituon ang ating pansin sa nangangalaga sa atin at hindi sa anumang kakulangan sa ating buhay?

## 2 Maaari akong maging kontento dahil alam ko kung ano ang ginagawa ng Diyos para sa akin.

*Tulad ng tupa, pinagpapahinga niya ako sa masaganang damuhan, patungo sa tahimik na batisan ako'y kanyang inaakay.*

**MGA SALMO 23:2**

Ang Israel ay isang disyerto. Wala masyadong masaganang pastulan o tahimik na batisan sa lugar na ito. Sa tuwing inihahatid ng isang pastol ang mga tupa sa isang pastulan, nanginginain dito ang mga tupa hanggang sa halos maubos na nila ang damo. Ang pagpapahinga sa pastulan ay nangangahulugan na ang tupa ay busog na at hindi na kayang kumain pa. Ito ay isang pagsasalarawan sa atin kung tayo ay nakay Cristo—ganap na kuntento (Juan 10:10,11). Maging sa mga oras ng pangangailangan, hindi tayo magkukulang sa piling Niya. Maaari tayong maging kuntento sa oras ng kasaganaan at sa oras ng pangangailangan hindi dahil sa mga bagay na mayroon tayo, kundi dahil magagawa natin ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Cristo, na sa huli ay nagbibigay sa atin ng kasiyahan (Mga Taga-Filipos 4:11–13). Paano ito naging totoo sa buhay mo?

## APPLICATION

- Basahin at pag-isipan ang Salmo 23 sa buong linggong ito. Ano ang mga katotohanang makukuha mo sa pahayag na ito? Paano binabago ng Diyos bilang ating Pastol ang pananaw mo sa iyong buhay at sitwasyon?
- Nararanasan natin ang natatanging uri ng pagkakuntento kung tayo ay nasa Diyos. Paano makikita ang pagkakuntento natin kay Cristo sa kabila ng ating kakulangan? Ano ang ilang pag-uugali o kaisipan sa buhay mo na kailangang magbago?
- Mayroon ka bang kamag-anak o kapamilya na hindi pa nakararanas ng pagiging kuntento na nararanasan mo kay Cristo? Ipanalangin na ang buhay mo ay maging patunay ng probisyon ng Diyos para sa kanila.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging Mabuting Pastol. Pasalamatan Siya sa mga aral na itinuturo Niya at sa Kanyang dakilang pagmamahal na nangangalaga sa Kanyang mga tupa.
- Hingin sa Diyos ang patuloy na pagbibigay Niya ng probisyon. Ipanalangin ang kalakasan upang maging kuntento kahit sa oras ng kakulangan.
- Ipanalangin na maintindihan ng mga nasa paligid mo kung paano maging kuntento at magkaroon ng kagalakan sa Diyos bilang kanilang Pastol. Ipanalangin na maranasan nila ang pagiging Mabuting Pastol ng Diyos ngayong araw na ito.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph